# Philippine Biblical Worldview Institute

## Certificate in Biblical Studies
## BS200 Ang Mga Patriarchs

## CBS201 Abraham

**Conrad Jun Tolosa**

### *Ang Tawag Kay Abram*

Matapos ang mahabang panahon after the flood, dumami na naman ang mga tao sa mundo. Pinagbilin ni Noah sa kanyang mga anak na magparami sila at punuin nila ang mundo. Pinaniniwalaan na ang angkan ni Japheth ay nagtungo sa gawing kanluran sa direction ng Mediterranean Sea. Ang angkan ni Ham ay nagtungo sa gawing timog sa direction ng Egypt at Africa. At ang angkan ni Shem ay natungo sa direction ng Persian Gulf, sa Mesopotamia. Mula sa angkan ni Shem na nagtungo sa gawing Persian Gulf ay isinilang si Terah na ama nila Abram, Nahor at Haran. Sila ay nanirahan sa Mesopotamia kung saan unang nagpakita ang Diyos kay Abram. Inutusan ng Diyos si Abram ng ganito: *Iwan mo ang iyong bansa at iyong mga kababayan, at magpunta ka sa lupain na Aking ipakikita sa iyo* (Acts 7:2-3). Matatagpuan natin sa Genesis 12:1-3 ang kabuuan ng utos ng Diyos kay Abram:

> *Iwan mo ang iyong bayan, ang iyong mga kababayan, at ang sambahayan ng iyong ama at pumunta ka sa lupaing Aking ipakikita sa iyo. Gagawin kitang isang matayog na bansa at pagpapalain kita; Gagawin Kong matayog ang iyong pangalan, at ikaw ay magiging pagpapala. Pagpapalain Ko ang magpapala sa iyo, at kung sinomang susumpa sa iyo ay susumpain Ko; at ang lahat ng tao sa mundo ay pagpapalain sa pamamagitan mo.*

Nilisan ni Abram ang Ur kasama ang kanyang sambayanan. Subalit mababasa sa Genesis 11:31 na si Terah, na ama ni Abram, ay sumama sa gagawing lakbayin. Kaya ang lumalabas na leader sa planong paglalakbay mula Ur hanggang Canaan ay si Terah dahil siya ang ama ng sambahayan; tuloy nakasama rin si Lot na kanyang apo na ulila na sa ama. Subalit huwag natin kalimutan na hindi naman kay Terah nagpakita at nagbigay ng direksyon ang Diyos, kundi kay Abram. Si Terah ay isang non-believer. At sinasabi sa Joshua 24:2 na si Terah ay sumasamba sa mga diyos-diyosan. Si Abram ang kinausap ng Diyos.

Samakatuwid, hindi naman pumasok sa puso ni Terah na pumunta ng Canaan. Lumalabas na ang nangyari ay ganito: Nang magpaalam si Abram sa kanyang ama na pupunta siya sa Canaan kasama ang kanyang sambahayan, minabuti ni Terah na sumama at dalhin ang kanyang apong si Lot. At bilang ama, nasa kanya ang awtoridad na mamuno. Masusuma natin na wala sa puso talaga ni Terah na pumunta sa Canaan sapagkat pagdating nila sa Haran, hindi na siya sumama kay Abram sa pagtawid ng ilog tungo sa Canaan, subalit pinasama niya si Lot. Dahil sa pangyayaring ito, ang pagsunod ni Abram sa utos na Diyos ay na-delay pagdating nila sa Haran. Hindi mapipigilan ni Abram na sumama sa kanya si Terah. Subalit, hindi naman siya dapat nagpa-delay sa kanyang pagsunod sa utos ng Diyos. 75 years old si Abram nang tumawid siya ng ilog mula sa Haran kasama ang kanyang buong sambahayan at si Lot

***Sa Canaan***

Pagpanaw ng kanyang amang si Terah sa Haran, nagpatuloy na maglakbay si Abram kasama si Sarai, si Lot at ang kanyang buong sambahayan dala ang lahat ng mga ari-arian na kanyang naipon sa Haran. Pagdating nila sa lupain ng Canaan, namalagi sila sa lugar na ang tawag ay Bethel kung saan nagtayo ng altar si Abram at doon siya ay nanawagan sa Panginoon. Nagpakita ulit ang Lord kay Abram at sinabi ang ganito: Ibibigay Ko sa *iyong supling ang lupaing ito* (Genesis 12:7).

Dumating ang matinding taggutom sa lupain na kinaroroonan nila Abram. Minabuti nilang maglakbay tungong Egypt. Nang palapit na sila sa Egypt, dinapuan ng pangamba si Abram. Balita kasi na pinapatay ng mga Egyptians ang asawa ng isang magandang babae na masisilayan nila upang madala sa Pharoah. Kaya sinabihan ni Abram si Sarai na huwag niyang sasabihin na sila ay mag-asawa kundi magkapatid lamang.

At ito nga ang nangyari: Nang makita ng mga opisyal ng Egypt ang kagandahan ni Sarai, dinala siya sa palasyo ng Pharoah. Sa tuwa ng Pharoah, binigyan niya si Abram ng maraming tupa, kambing, baka, lalaki't babaeng donkey, camel at mga servants. Subalit pinadapuan ng Diyos ng mga salot ang sambahayan ng Pharoah dahil kinuha niya si Sarai. Nalaman ng Pharoah ang katotohanan kaya pinatawag niya si Abram at kanyang sinisi sa nangyaring kapahamakan sa kanyang sambayahan. Matapos na ibalik kay Abram si Sarai, pinalayas ni Pharoah si Abram kasama ang kanyang buong sambahayan dala ang lahat nilang ari-arian.

Bumalik sa Bethel si Abram kasama ang kanyang sambahayan – kasama rin si Lot – at doon siya ay muling nagtayo ng altar at sumamba sa Diyos. Nagpatuloy ang pagyaman ni Abram sa alagang hayop at maging sa pilak at ginto. Umunlad din ang kabuhayan ni Lot.

Dumating ang panahon na hindi na kayang suportahan ng lupain ang paglago ng mga alagang hayop nina Abram at Lot. Pati ang kanilang mga tauhan ay nagsimula nang mag-awayan. Kinailangan nang sila ay maghiwalay.

Sa ginawang paghihiwalay, pinapili ni Abraham si Lot kung saang dako niya gustong pumunta. Kung siya ay pupuntang kanan, si Abram ay pupuntang kaliwa. Pinili ni Lot ang patag ng Jordan dahil sagana ito sa tubig. Nanatili naman si Abram sa Canaan kung saan siya ay muling nagtayo ng altar at muling kinausap ng Diyos. Si Lot naman ay nagtungo palapit sa mga siyudad at namalagi sa may Sodom, kung saan naninirahan ang mga matitinding makasalanan.

Nang panahong iyon, marami sa karatig pook ng pinamamalagian ni Abram ang mga kaharian na nagkakampi-kampihan. Nang nagkaroon ng digmaan, nadamay si Lot. Nabihag si Lot at tinangay pati ang kanyang mga ari-arian. Nang ito ay mabalitaan ni Abram, agad-agad niyang tinipon ang 318 na ensayadong kalalakihang pinanganak sa kanyang sambahayan. Walang nagawa ang kalaban at narescue ni Abram si Lot at narecover ang lahat niyang mga ari-arian.

Naging ugali ni Abram ang huwag tumanggap ng pabor kanino man upang walang makapagsabi na siya ang nagpayaman sa kanya.

Sinasabi na ang Pilipino ay marunong tumanaw ng utang na loob. Mayroon din namang kasabihan na mag-ingat sa pagtulong sa Pilipino sapagkat sa huli ikaw pa ang lalabas na masama. Dahil sa karanasan, masasabi na mayroong bahid ng katotohanan ang dalawang magkacontrang ugali na ito.

***Multiple Choice:***

1. Base sa sinabi ni Jesus na: *If anyone comes to Me and does not hate his father and mother, wife and children, brothers and sisters, yes, and his own life also, he cannot be My disciple*. Luke 14:26. Alin ang maling statement?
   a. Hindi dapat unawain ang verse na ito nang literal dahil hindi puwede na itakwil natin ang ating mga mahal sa buhay.
   b. Kailangan na mas mahal natin ang Diyos kaysa sinumang tao.
   c. Dapat no.1 sa buhay mo si Cristo para ka makasunod sa Kanya ng lubusan.

2. Ano ang dapat ginawa ni Abraham nang siya ay natakot na baka siya patayin dahil sa kanyang asawa?
   a. Ok lang ang ginawa niya na sabihin na kapatid niya si Sarai dahil totoo naman ito.
   b. Dapat na isinapuso niya agad na hindi sila pababayan ng Diyos at ang sasabihin niya ay, *Ang kanyang Diyos at Diyos ng kanyang asawa ay ang makapangyarihang Diyos, at hindi Niya pababayaan na kami ay inyong saktan.*
   c. Hindi na lang sana sila nagpunta ng Egypt.

3. Kapag dumarating sa buhay mo ang pagsubok, ano ang dapat mong gawin?
   a. Kailangan na mag-isip ka agad ng solusyon.
   b. Kailangan na makipagpulong ka sa mga marurunong na tao sa iyong paligid.
   c. Kailangan na sumangguni ka agad sa salita ng Diyos, bago ka gumawa ng hakbang.

4. Kailangan bang magkaroon ng mapagpasalamat na ugali si Lot kay Abraham dahil sa pagpapalang tinatamasa niya?
   a. Hindi kailangan, sapagkat hindi naman niya hiniling na isama siya ni Abraham nang lisanin nito ang Ur.
   b. Oo, sapagkat kung hindi dahil sa pagsunod ni Abraham sa Diyos hindi masusumpungan ni Lot ang kanyang magandang kapalaran.
   c. Hindi, sapagkat pinilit lang siyang isama ni Terah.

5. Kung ikaw ang nasa sitwasyon na katulad ng katayuan ni Lot, ano ang nararapat mong gawin?
   a. Imumungkahi ko kay Abraham na nararapat lang na maghiwalay na kami ng landas.
   b. Nararapat lang na pagsabihan ko ang aking mga tauhan bilang pagbibigay galang sa aking tiyo na nag-aruga sa akin.
   c. Sisihin ang mga tauhan ni Abraham.

© Revised April 2023 Conrad Jun Tolosa
All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.